Australian Government
Department of Health

# Payo para sa mga internasyonal na mag-aaral tungkol sa pagsusuri at paggamot ng tuberkulosis (TB)

## Mas mataas na panganib ng TB

Ang ilang mga internasyonal na estudyante ay mas malamang na magkaroon ng tuberkulosis (TB) kaysa sa mga taong ipinanganak sa Australya.

Kung ikaw ay mula sa isang bansa sa sumusunod na mga rehiyon, malamang na nalantad ka sa TB:

- Asia
- Africa
- Western Pacific
- Indian sub-continent
- South America
- Eastern Europe.

Ang mga tao na mula sa mga rehiyong ito ay may mas mataas na panganib na mahawahan at magkasakit ng TB.

## Ano ang TB?

Ang TB ay isang nakakahawang sakit na nakakaapekto sa mga baga, mga ibang organo at buto. Maaaring magamot ang TB, ngunit maaaring nakamamatay kung hindi gagamutin. Humigit-kumulang ay sangkapat sa populasyon ng mundo ang nahawaan ng bakterya na sanhi ng TB.

Ang TB ay isa sa nangungunang 10 mga dahilan ng pagkamatay sa buong mundo.

## Walang gastos ang pagpapagamot ng TB

Sa Australya, hindi mo kailangang magbayad para sa pagpapasuri ng TB o para sa mga serbisyo sa paggamot na ginagawa sa pampublikong sistema ng kalusugan, kabilang ang halaga ng mga gamot. Ang Overseas Student Health Cover (OSHC) ay maaaring makatulong sa pagbabayad ng ilang mga gastos sa mga serbisyo sa TB na ginawa ng pribadong sistema ng kalusugan.

## Hindi maaapektuhan ang visa

Kung magkakaroon ka ng TB, hindi ka hihilingan na umalis sa Australya. Hangga't sumailalim ka sa inirekomendang pagpapagamot sa TB, hindi ito makakaapekto sa mga kondisyon ng iyong student visa.

## Mga sintomas

Ang mga taong may TB ay maaaring:

- makaramdam ng pagkapagod o masamang pakiramdam

- magkaroon ng ubo na tumatagal nang hindi bababa sa 3 linggo
- pumayat nang hindi sinasadya
- may lagnat
- pinagpapawisan sa kama sa gabi
- umuubo ng dugo
- nananakit ang dibdib
- may namamagang mga lymph gland
- nawawalan ng ganang kumain.

Kung mayroon kang alinman sa mga sintomas na ito, magpatingin sa doktor at ipakita sa kanila itong papel-kaalaman.

May ilang tao na may aktibong TB ang walang sintomas.

## Paano kumakalat ang TB

Ang TB ay kumakalat sa pamamagitan ng hangin kapag ang isang tao na may aktibong TB ay umuubo, bumabahing, sumisigaw, nagsasalita o kumakanta, at ang bakterya ay nalanghap ng mga taong nasa malapit.

Posibleng nalantad ka sa TB nang hindi mo namamalayan.

May ilang tao na may TB na walang sintomas at maaaring hindi nalalaman na mayroon silang aktibong sakit na TB.

## Pagbabakuna

Ang bakuna sa TB (BCG) ay tumutulong na maprotektahan ang mga bata laban sa mga matinding uri ng TB. Kahit nabakunahan ka na, maaari ka pa ring mahawahan ng TB.

## Mga pagsusuri sa TB

Kasama sa Visa Medical Screen ang x-ray sa dibdib (chest x-ray) upang makita ang aktibo o nakakahawang TB sa mga tao mula sa mga bansang may mataas na peligro.

Maraming tao ang may impeksyon ng TB na latent o silent (tahimik), na hindi nakikita ng mga doktor sa isang x-ray sa dibdib.

Ang latent o silent na TB ay hindi nagpapakita ng mga sintomas ngunit maaaring lumala at maging aktibo at nakakahawang TB mga ilang buwan o taon pagkatapos ng pagpapasuri.

## Saan makakakuha ng tulong pagdating sa Australya

Makakakuha ka ng tulong sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa iyong doktor, sa serbisyo sa kalusugan ng pamantasan o sa lokal na ospital. Ipakita sa iyong doktor itong papel-kaalaman kung mayroon kang anumang mga sintomas ng TB.

Maaari mo ring tawagan ang HealthDirect Australia 24-oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo para sa libreng payo sa kalusugan sa 1800 022 222 (libre ang mga tawag mula sa mga landline, maaaring may bayad sa mobile).

Bisitahin ang website ng kagawaran sa kalusugan ng inyong estado o teritoryo gamit ang mga link sa ibaba:

- Australian Capital Territory: Tuberculosis (health.act.gov.au)
- Victoria: Tuberculosis (health.vic.gov.au)
- New South Wales: Tuberculosis (heath.nsw.gov.au)
- Queensland: Tuberculosis (health.qld.gov.au)
- Northern Territory: Tuberculosis (health.nt.gov.au)
- Western Australia: Tuberculosis (health.wa.gov.au)
- South Australia: Tuberculosis (sahealth.sa.gov.au)
- Tasmania: Kagawaran ng Kalusugan (health.tas.gov.au/)

Kung sa tingin mo ay kailangan mo ng ambulansya o ang iyong sakit ay kritikal o nagbabanta sa buhay, tawagan kaagad ang tatlong sero (000) para sa ambulansya.